# Pananampalataya at Layunin

## WARM-UP

- Gusto mo ba ang nagpaplano? Bakit oo o bakit hindi?
- Balikan ang isang tungkulin na natapos mo sa tulong ng ibang tao? Magkuwento tungkol dito.
- Nagawa mo na bang magplano para sa isang bakasyon o pagkikita na biglaang nagbago ? Ano ang naramdaman mo dahil dito?

## WORD

*4 Kaya umalis si Abram sa Haran at pumunta sa Canaan, ayon sa sinabi ng Panginoon sa kanya. Nasa 75 taong gulang noon si Abram. 5 Sumama sa kanya ang pamangkin niyang si Lot. Kasama rin niya ang asawa niyang si Sarai at ang lahat ng ari-arian at aliping natipon nila sa Haran.*
**GENESIS 12:4,5**

(Basahin din ang **GENESIS 12:1-9.**)

Nang magsalita ang Diyos, ipinakita Niya ang Kanyang layunin sa buhay ni Abraham—ang gawing isang tanyag na bansa ang kanyang lahi at pagpalain siya, upang sa pamamagitan niya ay maraming mag-anak sa lupa ang makatanggap din ng pagpapala. Kailangan ng pananampalataya upang magawa natin ang mga plano at layunin ng Diyos sa ating mga buhay. Sa araling ito, titignan natin ang buhay ni Abraham at aalamin kung paano natutupad ang mga layunin ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya.

## 1 Ang malaman ang mga layunin ng Diyos ay nangangailangan ng pananampalataya.

*[2]Gagawin kong isang tanyag na bansa ang lahi mo. Pagpapalain kita at magiging tanyag ang iyong pangalan. Sa pamamagitan mo, marami ang pagpapalain. [3]Pagpapalain ko ang magmamagandang loob sa iyo. Pero isusumpa ko naman ang susumpa sa iyo. Sa pamamagitan mo, pagpapalain ko ang lahat ng tao sa mundo."* **GENESIS 12:2,3**

Ang layunin ng Diyos para kay Abraham ay ang gawing isang tanyag na bansa ang kanyang lahi. May layunin ang Diyos para sa bawat isa sa atin. Kailangan natin ng pananampalataya upang marinig Siya at malaman kung saan Niya tayo itinalaga. Paano mo malalaman ang layunin ng Diyos para sa iyo? Paano mo magagawang manampalataya upang hingin ito sa Kanya?

## 2 Ang tanggapin ang mga layunin ng Diyos ay nangangailangan ng pananampalataya.

*Kaya umalis si Abram sa Haran at pumunta sa Canaan, ayon sa sinabi ng Panginoon sa kanya.* **GENESIS 12:4**

Ang pagtanggap ng layunin ng Diyos at pagpunta sa isang lugar na hindi pa niya narating ay nangangailangan ng pananampalataya mula kay Abraham. Kailangan ng pananampalataya upang matanggap at ma-angkin natin ang layunin ng Diyos sa ating mga buhay, lalo na kung tinatawag Niya tayo na iwan ang mga bagay na nakasanayan na natin. Nahirapan ka bang gawin ang mga unang hakbang tungo sa layunin ng Diyos?

## 3 Ang pagtupad sa mga layunin ng Diyos ay nangangailangan ng pananampalataya.

*6Pagdating nila sa Canaan, nagpatuloy sila hanggang sa nakarating sa malaking puno ng Moreh roon sa Shekem. (Nang panahong iyon, naroon pa ang mga Cananeo). 7Pagkatapos, nagpakita ang Panginoon kay Abram at sinabi sa kanya, "Ang lupaing ito ay ibibigay ko sa mga lahi mo." Kaya gumawa ng altar si Abram para sa Panginoon.* **GENESIS 12:6,7**

Ang pangako ng Diyos sa buhay ni Abraham ay masyadong malaki para magawa niya nang mag-isa. Kailangan ni Abraham na tumugon nang may pananampalataya—ganap na pagtitiwala sa Diyos—para sa katuparan ng mga layunin at pangako ng Diyos sa kanyang buhay. Nang siya ay tumugon nang may pananampalataya, *mula sa kanya nagmula ang isang lahi na kasindami ng mga bituin sa langit at buhangin sa dalampasigan.* (Mga Hebreo 11:12). Ayon sa Isaias 55:11, bakit natin kayang tumugon nang may pananampalataya sa mga layunin at pangako ng Diyos?

## APPLICATION

- Naniniwala ka ba na ang layunin ng buhay mo ay nagmumula sa Diyos? Handa ka bang isuko ngayon ang mga plano mo sa Kanyang Pagkapanginoon upang maisakatuparan ang Kanyang mga layunin sa buhay mo?
- Paano mo magagawang mas marinig ang Kanyang tinig? Ano ang dalawang bagay na maaari mong gawin upang mas marinig mo Siya ngayong linggo?
- Paano mo mapalalakas ang loob ng mga tao sa paligid mo upang alamin at tanggapin ang layunin ng Diyos para sa kanilang mga buhay? Kausapin ang isang kapamilya o kaibigan at tulungan siyang lumalim sa kanyang pananampalataya ngayong linggo.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa iyong ugnayan sa Kanya at sa layunin Niya para sa buhay mo. Pasalamatan Siya sa pagtulong sa iyo na manatili sa daang inilaan Niya upang maisakatuparan mo ang Kanyang layunin.
- Ipanalangin na bigyan ka ng Diyos ng kakayahan na patuloy na piliing makilala Siya at marinig ang Kanyang tinig.
- Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang isang tao na nangangailangang makatanggap ng layunin ng Diyos sa kanyang buhay. Ipanalangin na ibigay sa iyo ng Diyos ang mga tamang salita upang mapalakas ang loob ng taong ito.

## NOTES

VICTORY

© 2018 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph